



Sa Ilalim ng Lawa ng Paoay

Sa bayan ng Paoay, ang mga naninirahan ay mababait, mapagmahal, matulungin, at may takot sa Diyos. Maunlad at matiwasay ang kanilang pamumuhay. Magaganda at malalaki ang kanilang mga bahay na bato. Magarbo ang mga damit, mamahalin ang mga gamit, at mga alahas.

Sa paglipas ng panahon, nagbago ang mga tao. Nainggit sila sa isa't isa. Nagtrabaho sila para lang mahigitan ang kanilang kapwa. Nakalimot na rin sila sa Poong Maykapal. Pero hindi ang mag-asawang sina Gorio at Petra. Naglingkod at sumamba pa rin sila sa Panginoon.

Isang gabi, nanaginip si Gorio. Lulubog sa baha ang kanilang lugar kung hindi magbabago ang mga tao. Sinabi nila ito sa mga tao pero walang naniniwala. Pinagtawanan lamang sila.

Isang umaga, nakarinig ang mag-asawa ng tinig. "Lisanin ninyo ang lugar na ito mamayang gabi. Kapag narinig ninyo ang malakas na kulog huwag kayong lumingon para hindi madamay sa parusa."

Pagsapit ng takip-silim, dali-daling umalis ang mag-



asawa at nagpunta sa bundok. Dala-dala nila ang ilang gamit. Maya-maya, narinig nila ang napakalakas na kulog at biglang nayanig ang lupa. Bumulwak ang napakalakas na tubig galing sa ilalim ng lupa. Nagtilian at nag-iyakan ang mga tao. Napatingin si Petra at pinanood ang lumulubog na lugar. Sinubukan niyang bumalik pero pinigil siya ng asawa. Matagal silang naghilahan. Dahil lumingon si Petra at hindi sinunod ang bilin, sina Gorio at Petra ay naging dalawang malalaking bato.

Sa ngayon makikita ang dalawang bundok sa Bantay Pogoro. Ang lugar ay nakilala na Barangay Nagguyudan dahil sa paghihilahan ng mag-asawa.

Matapos ang maraming taon, lumitaw ang malaking lawa sa lugar. Dito nalunod noon ang mga tao. Tinawag itong Lawa ng Paoay. Hanggang sa mga araw na ito, marami pa rin ang naniniwala na kapag sumisid sa lawa, makikita pa rin ang lumubog na bayan. Ayon pa sa mga mangingisda, nakakahuli pa sila ng mga isdang may hikaw tulad ng karpa at tilapia. Naniniwala sila na galing ang mga alahas sa mga taong nalunod.